

1



A Kiss From The Devil

"**Y**eah, this is one hell of a New Year's party," Cadie thought for the nth time, checking out the vibrant sky filled with colors of a preschooler's crayon set.

Ipinikit niya ang mga mata at ninamnam ang malamig na dapya ng panggabing hangin sa kanyang balat.

"Sana sa pagsalubong ko sa bagong taon, makuha ko na ang wish ko. Simple lang naman iyon." She heaved a sigh.

True love...

Kabilang siya sa samahang NBSB—No Boyfriend Since Birth. Hindi naman siya mukhang bakulaw, pero walang magkamaling manligaw sa kanya. Yes, she only was a face in a crowd. She didn't have huge breasts. She didn't even have lethal curves. Pero maganda rin naman siya sa simpleng paraan, with her hair cascading round her shoulders and flowing like forever. Skin as white as snow. Smile as bright as the morning sun. Eyes like sparkling stars in a peaceful night.

Her heart pounded so hard when another kind of banger bolted and burst into stardust like view. Napakurap-kurap siya. She lifted up her lids heavy with New Year's spirit.

Inilibot ni Cadie ang mga mata sa paligid. Nasa gitna sila ng malawak na parking space ng *Larusso Media* kung saan kasalukuyang ginaganap ang party, and owning this magnificent empire—of transcription, virtual assistance, post-production, graphic design and web design and development—stood formidable in his sleek tux at the center space with a glass of wine in his sexy firm grasp, Nathan Carlos Larusso.

Sampung hakbang lang ang layo nito sa kinatatayuan niya. Cadie could already smell his fragrance mixed with his natural scent plus the intoxicating smell of alcohol. Napapatutan ito ng mga taong nabibilang sa upper management ng kompanya. People with crow's feet at the outer corner of their eyes. People with graying hair. And people who would usually say, 'I want this done now!'

Pero wala sa anumang nabanggit ang binata. He carried on his father's legacy at an early age of twenty-five at hanggang ngayon ay ito ang maayos na nagpapatakbo sa kompanya sa edad na treinta.

Saglit na napapikit si Cadie nang tamaan ang mukha niya ng red laser light mula sa crystal ball. Paigting na nang paigting ang pananabik ng mga tao sa pagdating ng bagong taon. Mula sa pabilog na mesang natatabunan ng elegante at puting table cloth ay nagsipagtayuan ang mga ito. Hips were swaying and fists punching the air.

"How come you're alone out here?" anang tinig mula sa kanyang likuran.

Lumingon ang dalaga. Tumambad sa kanya ang guwapong mukha ni Nathan. He was a Filipino mestizo whose roots stemmed from the mixture of Spanish and Chinese ancestry. He owned a pair of round and deep-set

eyes with dark irises, the darkest shade of brown. He had an angular face—chin of a man, strong line of jaw and cheekbones. Matangos ang ilong nito at maalun-alon ang itim na buhok.

Namumula na ang mga pisngi at ang tulay sa matangos na ilong ng binata. Patunay na marami-rami na rin ang nakukunsumong alkohol ng sistema nito.

“B-Boss...”

“Call me ‘Nathan.’”

“Susubukan ko,” nahihiya niyang tugon.

Ngumiti ito. Ang klase ng ngiting hindi umabot sa mga mata nito, pero nagpatalon sa puso niya. “That’s an order, Miss Cordelia Cansancio.”

Natameme siya at nanatiling titig na titig sa mukha ng kaharap. He had the widest grin smudged to his lips.

Ang guwapo talaga ng boss ko!

The first time Cadie saw him, she literally fell butt-flat on the office floor. And to make things worse, that was her final interview schedule. Akala niya ay tagilid na ang laban para sa inaasam niyang posisyon sa kompanya. Pagkatapos ay bigla na lamang itong tumawa. Buong-buong pagtawa. And he took her in, just like that.

Mula nang araw na iyon ay hindi na naalis sa isipan niya ang mukha ng may-ari ng kompanyang kanyang pinagtatrabahuhan. The feeling evolved into something else and the emotion intensified. Isang araw ay nagising na lang siyang hindi makahinga at ang gusto ng katawan niya ay kisspirin at yakapsul mula sa pinakamamahal na boss.

Cadie became the secret fan slash stalker. Alam niyang puti ang paboritong kulay nito. She knew almost

everything about him.

His address.

His hiding place when he wanted to shoo away clingy socialites—sa isang maliit at pribadong isla malapit sa *Inampulagan Island*.

His birthday.

His shirt size. Ayaw nito sa maluwag, pero hindi rin nito gusto ang sobrang dikit na sa kilikili ang tela ng damit.

His favorite kind of boxers. Slim fit with bold patterns. In fact, may collection si Nathan niyon. Mayroong cartoon kitten design, baby helicopter, little soldiers at marami pang nakaimbak sa top secret storeroom nito.

Alam niyang takot ito sa matataas na lugar na may malawak na katawan ng tubig sa ibaba.

Knowing all these things... yeah, it may sound a bit creepy and a bit crazy. Pero masaya si Cadie.

“You’ve been connected with *Larusso Media* for four years now, right?” untag ni Nathan sa paglalayag ng diwa niya.

Tumikhim ang dalaga. “Tama po. Kaga-graduate ko lang nang tanggapin ako sa kompanya.”

He nodded as he recollected memories. “I can still remember that day. And just so you know, it’s still fresh in my head.” Nagpakawala ito ng maikling tawa. “Did it hurt... much?”

Namula ang mga pisngi niya. Alam niyang ang pagkakabagsak niya sa sahig ang tinutukoy nito. “It kind of did, yes,” tapat niyang sagot.

“Sorry, I never really got to ask if you were okay back

then.”

“Dahil walang sawa sa pagtunog ang phone mo. Kinukulit kang lumabas ni Fiona.”

His nose crinkled. “Fiona?”

“Girlfriend mo. Ang totoo niyan, ex-girlfriend na gustong makipagbalikan. Iyong Latina na mahilig mag-Zumba. Iyong may hikaw sa pusod na hugis-buwan,” she supplied in full details.

Napa-‘wow’ si Nathan sa narinig. Nakalarawan ang amazement sa mukha nito. He took a step backward to get a better view of her face. Dahil doon ay kinilig siya.

“Have you ever had a crush on her?”

Naglaho ang munting sayang humehele sa dibdib ni Cadie. Crush sa ex-girlfriend nito? Hello, pareho kaya silang anak ni Eba at kung tutuusin ay kakompetensya pa nga niya sa sitwasyong iyon.

“Boss kita pero sasabihin ko pa ring baliw ka kung iniisip mong nagka-crush ako sa ex-girl—”

“So sa akin ka may crush?”

Her jaw dropped to the ground. Was he seriously asking her that? Pakiramdam niya ay kinuskusan ng sili ang magkabila niyang tainga.

God, kill me now!

Cadie looked at his face and he was sexily smiling at her. Nakakapaso ang paraan ng pagtitig nito sa kanya. Kasabay ng pagkakakulong niya sa kung anong mahika ay pumailanlang ang kantang *Blank Space* ni Taylor Swift.

*Saw you there and I thought, oh my God
Look at that face, you look like my next mistake...*

I'm so dead, she thought. A glimpse of his powerful physique alone was already making her commit the biggest mistake. Mukhang kailangan niyang magpa-vigil.

*Boys only want love if it's torture
Don't say I didn't say I didn't warn you...*

She swallowed. Mukhang mapapasubo siya. Alam ng lahat, kabilang na siya, na palikero ang big boss ng *Larusso Media*.

She didn't want to be that girl for a month. Gusto niya ang happily ever after sa piling ni Nathan. Pero paano? His heart was only capable of offering one shot, short-term happiness.

Kakayanin ba niya?



“Another glass of wine?” tanong ni Nathan sa kanya. Magkatabi silang nakaupo.

Tumango ang babae. Namumula na ang magkabilang balikat, ang puno ng dibdib, leeg at pisngi niya. Especially that she was wearing this white caramel cotton tube dress.

Pinaraanan ng hintuturo ng lalaki ang naka-expose niyang leeg. She inhaled roughly and shut her eyes. Ramdam niya ang kakaibang init na dala ng marahang paglapat ng balat nito sa leeg niya.

This is not normal, sa loob-loob niya.

“You are friggin’ hot, Cadie. Forty degrees Celsius or higher?” nanunukso nitong tanong sa kanya.

Humarap siya sa binata. “Ikaw rin. M-masyado na

kasing masikip dito.”

Umangat ang isang sulok ng labi ni Nathan. He tangled his fingers in her long and smoothly brushed hair. “You think so?”

“Y-yes.”

“Cause I don’t.” Lalo nitong inilapit ang mukha sa mukha niya. Kada espasyong tinatawid nito ay pakaunti naman nang pakaunti ang hanging pumapasok sa kanyang baga.

“Hindi ako makahinga...” wala sa loob niyang sambit.

He smirked. From her hair, his hand slid down to her uncovered nape. Dahilan upang mapasinghap siya.

“Kiss me, Cade,” bulong ni Nathan sa puno ng tainga niya.

Mabilis na inilibot ni Cadie ang mga mata sa mga taong nakapaikot sa kanila. Nakita niya ang mga titig na punumpuno ng malisya na nakapokus sa kanilang dalawa ni Nathan.

“I... I can’t.” Iniwas niya ang mukha at inabot ang baso ng alak sa mesa. Inisang lagok niya ang nanganganalahating laman niyon. She felt the sweet and bitter entry of alcohol in her throat.

“Yes, you very well can.”

“You’re seducing me,” matapang niyang sabi.

“Am I?” he teased.

“Yes.”

“You want this.”

“I don’t!” pabulong niyang asik dito.

“You do.”

“Magsisimula na ang New Year’s countdown!” agaw ni

France sa atensyon nila. Human Resources Officer ito sa kompanya.

“Thanks, France,” ani Nathan.

He took her wrist and she looked up at him. Nakatitig ito sa mukha niya. May tipid na ngiti sa mga labi nito.

“You don’t wanna miss this,” tukoy nito sa pagsalubong nila sa bagong taon.

Five.

Four.

Three.

Two.

And one!

Napahugot ng malalim na paghinga si Cadie sa sunud-sunod na pagkalat ng masisiglang kulay sa kalanigan. It looked like colorful drops of rain splattered in the sky.

“Ang ganda!” humahanga niyang komento.

“Oo, magandang-maganda.” Kasabay niyon ay pumaikot ang kamay nito sa maliit niyang baywang. He grabbed her and spun her around so her face would meet his. Bago pa man niya maibuka ang bibig ay nakalapat na ang mga labi nito roon.

She was wide-eyed as she stared at the lively night sky. She could feel him playing with her mouth and sucking all the air left in her throat.

Nangangatog na ang mga tuhod niya nang bitiwan siya ni Nathan.

“Happy New Year, Cadie. Good night.”